Ano ang open work permit for vulnerable workers?

Karapatan ng bawat manggagawa sa Canada na makapagtrabaho ng ligtas at matiwasay. Kung ikaw ay nasa isang mapang-abusong sitwasyon, maaari kang mag-apply ng open work permit for vulnerable workers.

Pahihintulutan kang makapagtrabaho sa karamihan ng mga employer sa Canada kapag mayroon kang open work permit. Makakatulong ito sa iyo na umalis sa isang mapang-abusong sitwasyon upang makahanap ng panibagong trabaho. Walang bayad ang ganitong application. **Pansamantala** lamang ang work permit na ito, ngunit magbibigay ito sa iyo ng sapat na panahon upang makahanap ng panibagong employer at makapag-apply ng panibagong work permit.

Sino ang kwalipikado?

Mga manggagawa sa Canada na:

- may **valid na employer-specific work permit o valid na work permit na ibinigay sa ilalim ng Seasonal Agricultural Worker Program** (o nakapag-apply na upang i-renew ang ganitong uri ng permit)
- inaabuso o maaaring maabuso kaugnay ng kanilang trabaho sa Canada

Maaari ring mag-apply ang mga miyembro ng pamilya na nasa Canada.

Ano ang pang-aabuso?

Anumang asal na may paninindak, pagkontrol o pagbubukod sa iyo ay maituturing na pang-aabuso. Ang pang-aabuso ay maaring gawing pisikal, sekswal, pinansyal o pangkaisipan, at maibibilang din dito ang mga sumusunod:

- pisikal na pananakit, mga pagbabanta, o pang-aalipusta
- hindi kanais-nais na sekswal na pagpuna o pagkanti sa anumang bahagi ng iyong katawan
- pagnakaw o pagkuha ng salapi na iyong pinaghirapan

Paano ako mag-aapply?

Kinakailangan mong mag-apply online para sa ganitong uri ng work permit. Kinakailangan mo ng scanner o camera upang makagawa ng mga elektronikong kopya ng iyong mga dokumento. Basahin ang iba pang mga tagubilin sa **Canada.ca/vulnerable-foreign-workers.**

Kung hindi mo magagawang mag-apply online dahil sa kapansanan, o kung may problema sa aming online application system, magtungo sa tanggapan ng Immigration, Refugees, and Citizenship Canada (IRCC) na pinakamalapit sa iyo o makipag-ugnayan sa Client Support Centre sa 1-888-242-2100 para sa karagdagang impormasyon.

Ano ang mga dokumentong kailangan kong ibigay?

- ☐ **Mandatoryong** liham na naglalarawan sa abuso

Iba pang mga katibayan na maaring mapabilang dito:

  - ☐ liham, pahayag, o ulat mula sa isang organisasyon na tumutulong sa mga naaabuso o sinumang may propesyong medical;
  - ☐ sinumpaang pahayag ng aplikante;
  - ☐ kopya ng reklamo na inihain sa isang ahensya ng pagpapatupad;
  - ☐ iba pang mga bagay na maaaring magamit na batayan sa reklamo (halimbawa, mga kopya ng email, larawan, mga patotoo ng testigo)

- ☐ Kopya ng iyong pasaporte
- ☐ Digital na larawan
- ☐ Marriage certificate at birth certificate kung kasama sa application ang iyong pamilya

Ano ang mangyayari pagkatapos kong mag-apply?

Nilalayon naming makipag-ugnayan sa iyo sa loob ng 5 business days pagkatapos mong mag-apply. Maaari din naming hilingin na ikaw ay makapanayam.

Kung maaaprubahan, maaari kaming magsagawa ng pagsisiyasat sa iyong employer. Hindi kami makikipag-ugnayan sa kanila sa kahit na anong kadahilanan. Ikaw ang magpapasya kung nais mong lumahok sa nasabing pagsisiyasat.

Cat. No. Ci4-204/2020TI-PDF ISBN 978-0-660-34192-7 IRCC-2917-07-2020